
GRADE
2


# Leveled Reader
## in Filipino
# Bagyo!





Kuwento nina Ani Rosa Almario
at Yvette Tan
Guhit ni Rea Diwata Mendoza




Alas singko na ng umaga.
Madilim ang langit. Malakas
ang ulan!
Malakas rin ang ihip
ng hangin. May parating
na bagyo!



Abala ang mangingisda.
Hinihila niya ang kaniyang bangka sa tabing-dagat.
Abala ang magsasaka.
Dinadala niya ang mga alaga niya sa kubo.



Abala ang drayber ng
traysikel. Dinadala niya
ang traysikel niya sa silong.
Abala ang nars.
Inihahanda niya ang mga
gamot sa klinika.





Abala ang pulis. Tinutulungan niya ang mga taong pumunta sa mataas na lugar.


Abala ang tindera. Isinasara niya ang munting tindahan niya.




Abala rin kami.
Inilalagay namin ang aming mga gamit sa tuktok ng kabinet para hindi ito abutin ng baha.



Biglang huminto ang ulan.
Humina rin ang hangin.
Tumigil ang kidlat at kulog.




Lumihis ang bagyo!



Salamat, ligtas kaming lahat!

KAGAWARAN NG EDUKASYON
REPUBLIKA NG PILIPINAS

UNITED STATES AGENCY INTERNATIONAL DEVELOPMENT
USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE